# ANG BUANG NG BAYAN

**Rowena P. Festin**

MULA SA APLAYA, natanaw ko na ang paparating na barko kasabay ng mababa at mahaba niyang Baruuuuuuuuuuuuu! Baruuuuuuuuuuuuu! Maririnig ang ugong na iyon sa buong bayan, ipinapaalam ng Don Jose na paparating na siya. At nagpapaalam na rin dahil iyon na ang huli niyang biyahe, huling biyahe ng barkong papasok at lalabas sa San Jose. Simula bukas ng gabi, sarado na ang pantalan dahil mababaw na ang tubig, hindi na puwedeng dumaong ang mga barko. Malakas makasira ng elisi ang makapal na putik. Hindi na rin puwedeng hukayin ang pantalan dahil pagbalik ng agos, may dala uling putik na galing sa kung saan. Sabi nila, naubos na kasi ang mga bakawan sa Sta. Teresa kaya umuusos ang putik. Umurong na rin ang isla palapit sa Mangarin at bumabaw ang tubig. Kaya nga puwede nang lakarin ang pagtawid sa isla kung mababa ang taog. Kaya pala nang dumating kami noong nakaraang linggo, limang oras na nakahinto sa laot ang barko, mababa ang tubig, masisira ang timon at makina ng barko kapag kumalahig ito sa putik. Iyon ang pinakamahabang pagkainip na naranasan ko. Natatanaw ko na ang pantalan, ang bayan, ngunit hindi ako makalapit. Isa-isa na rin nag-aalisan ang mga traysikel at salubong. Siguradong babalik sila pagtaas ng tubig. Sa tagal na ba naman nilang nararanasan iyon, tiyak na alam nila kung anong oras mangyayari iyon. At tama nga ang hula ko, alas-dose ng tanghali nang magsibalikan ang mga sundo at traysikel at dahan-dahan ring umikot ang barko papalapit sa pantalan.

Papalubog na ang araw. Abala ang mga mangingisda sa kabilang pantalan sa paghahanda ng kanilang lambat at baon sa pangingisda. Mamayang gabi, sa laot, bituin ang ilaw ng mga bangka habang nangingisda.

Tuwing Biyernes ng hapon noon, pagkagaling sa eskuwela, sa halip na dumeretso akong pauwi ay lumiliko ako papunta sa dagat sa kalyeng kasunod ng kalye ng bahay ni Maria Puting Kilay. Marami pang bato noon sa aplaya, at sa lugar na malapit na sa kalsadang papalabas ng dagat ay kulay ube ang buhangin dahil sa dami ng mga bulaklak ng kangkong-dagat, at ang daming maliliit na kabibi at sigay kaya kumikislap ang buhangin kapag tinatamaan ng sikat ng papalubog na araw. Kung minsan, kapag sinuwerte, may isa o dalawang taklobo pa na puno ng buhangin. Paminsan-minsan akong nakakapag-uwi ng taklobo. Inilalagay ni nanay sa kanyang maliit na rock garden, nilalagyan ng maliliit na halaman, ’yung iba naman, nilalagyan namin ng tubig para paglanguyan ng mga sisiw ng ilang bibi na alaga namin. Wala nang mga bato sa aplaya ngayon, halos wala na rin ang mga kangkong-dagat. Mga basura ang naroon, at napakaraming mga bahay. At sa bandang dulo papunta sa Bubog,[1] mga videoke bar at beer house.

Naramdaman ko ang isang patak ng ambon sa aking mukha. Ganito talaga sa San Jose kapag papagabi na, parang ambon ang hamog. At tila katatapos lang ng ulan ang amoy ng paligid, amoy damong bagong tabas. Kung minsan naman, amoy talahib na malapit nang mamulaklak. At unti-unti, makikita mong umiiba na ang kulay ng Halcon. Ang matingkad niyang asul kaninang papalubog ang araw ay nagiging itim hanggang maging tila anino siya ng dilim.

At sineng umunat sa harapan ko ang aking kabataan dito sa San Jose.

Kinatatakutan ang bahay na malapit sa amin sa San Roque. Tatlong bahay ang layo no’n mula sa amin, katapat ng San Roque 2 Elementary School. Malaking-malaking bahay iyon na gawa sa kahoy ang itaas at gawa naman sa bato at adobe ang silong. Bagama’t malayo ang itsura nito sa mga bahay na bato, dahil wala namang bahay na bato sa San Jose, malalaki ang mga bintana nito sa itaas na gawa sa kahoy at kapis. Nilulumot na ang pader ng bahay. Kapag dumadaan kami noon sa tapat ng bahay, tila isang kawan ng mga demonyo ang humahabol sa amin sa biglaan naming pagkaripas ng takbo. Hindi naman puwedeng hindi doon dumaan dahil walang ibang daan papunta sa amin. Dalawa lang ang daan pagpasok at palabas ng San Roque, ang papunta sa amin sa San Roque at ’yung papunta sa Bagong Sikat.

Noon daw pistaym, sabi ng matatanda, nakapasok sila sa malaking bahay dahil sa ika-18 taong kaarawan ng matandang nasa bintana. Pagpasok mo sa bulwagan, sasalubong sa iyong mga mata ang napakaraming mga santong nakangiti at nakalahad

1 Katabing baryo ng San Roque.

ang mga palad. Tila pinatutuloy ang lahat ng mga pumapasok. At sa kisame, nakasabit ang napakaliwanag na aranya. May apat na mesitang kamagong sa bawat sulok ng salas, nakapatong naman doon ang mga kandelabrang may malalaking kandilang dragon. Tila mga diyamanteng tinatamaan ng libong liwanag ang buong kabahayang pinakintab ng dahon ng isis kaya nakakapagsabog naman ng napakaraming maliliit na bahaghari sa mga baso at porselanang pinggan. At sa buong bulwagan, sumasaliw sa mga bulungan at mahihinang halakhak ang tugtog na nagmumula sa gramopono. At ang mga nagsidalong taga-San Roque, suot ang pinakamagarbo nilang mga damit, mga damit na amoy alkampor at dahon ng kakawate dahil sa tagal na nakaimbak sa baul. Tila ipinagpapasalamat sa hangin ang muli nilang paglabas mula sa baul. Sabagay, bakit nga naman nila madalas na isusuot iyon e sa bukid at dagat sila pumupunta araw-araw. Suwerte na rin at takot sa amoy ng alkampor at kakawate ang mga bukbok at daga kaya may nagamit sila ngayon. Ngunit hindi iyon mahalaga ngayon, mas mahalaga na naroon sila at imbitado at nakikipagdiwang sa anak ng pinakamayaman sa San Roque. Nasa loob sila ng marangyang bahay at isang gabi nilang iiwanan ang buhay sa bukid at laot, ang buhay na kasama ang mga dayami at isda.

Ang angkan nina Maria Josefa ang pinakamayaman sa buong Pandurucan. Kasama sila sa mga may-ari ng Central na pinapatakbo ng mga prayle sa San Jose. Kahati sila sa kinikita ng mga bagon na araw-araw bumibiyahe ng tubo at asukal mula sa Central hanggang Caminawit papunta sa Amerika at Espanya. Angkan lang nila dati ang solong nagmamay-ari ng malawak na lupaing taniman ng palay at mais na naging taniman ng tubo nang dumating ang mga Kastila. Nang dumating ang mga Agustino, napilitan silang ipagbili ang mahigit sa kalahati ng lupain dahil sinabi sa kanila na upang makarating sa paraiso, kailangang iwan ang mga pag-aari sa lupa dahil ang mga ito ay nakabibigat sa kaluluwa na maaring maging dahilan ng pagkalubog sa apoy ng impiyerno. Idineklarang pag-aari na ng mga frayle ang La Hacienda de San Jose na dating kina Maria Josefa. Sa pakikipagsosyo nila sa mga Agustino, nakatitiyak na sila ng puwesto sa paraiso. Ngunit nanatili pa rin silang pinakamayaman dahil bilang pagtanaw ng utang na loob ng mga Agustino sa kanilang kabutihang loob na ipagbili ang lupain, at kababaang loob dahil sa kanilang pagsuko sa langit, ginawa silang kamay-ari ng La Hacienda de San Jose. Ngunit nawala itong muli sa kanila nang dumating ang mga Amerikano. Kinuha sa kanila ng mga Amerikano ang hacienda at pinangalanang Mindoro Sugar Central. At ang mga Amerikano na ang nagluwas ng libo-libong tonelada ng asukal sa Amerika.

Sa loob ng Central, sa Mill Site, tumira ang buong angkan ni Maria Josefa nang ginawa silang kamay-ari ng azucarera. Dito nakatira ang mga alta, ang mayayaman. Sa Transportacion naman nakatira ang mga empleyado at trabahador ng Central. Meron

din silang sariling swimming pool doon katulad ng mga alta, pero nang maisipan ng isang Amerikanong opisyal na mag-alaga ng buwayang Mindoro, doon niya inilagay kaya 'yung mga nasa Transportación, sa patubig na lang at sa dagat naliligo.

Tumahimik nang bumaba si Maria Josefa. Pagbaba, binati niya ang lahat ng mga dumalo habang ang mga dalaga naman ay nangimbulo sa kanyang marangyang damit at ang mga may asawa ay naging abala sa pagtapak sa paa ng kanilang mga asawang nahinto sa pakikipagsayaw sa kanila. Saka siya dumeretso sa pinto, tila may hinahanap, saka tumalilis sa dilim. Iyon ang huling gabing nakita ng mga taga-San Roque si Maria Josefa. Sa mga usap-usapan kinabukasan, may mga nakakita raw na itinanan ng kanyang kasintahan si Josefa. Dinala sa ibang probinsya sakay ng paraw na nakasadsad sa aplaya sa Bubog.

Pagkatapos ng digmaan, nagsimula nang matanaw ng baryo ang isang babaeng nakaupong nakapanungaw sa bintanang bahagyang nakabukas sa malaking bahay. Mahirap maaninag ang mukha ng babae dahil lagi itong nakasuot ng belong itim. Araw-araw, nasa iisang puwesto siya, nakaupo hanggang sa gumabi. Tila wala namang pakialam sa mga dumaraang saglit na titingin sa kanya saka titingin sa daang papunta sa palengke o kaya ay tatalikod papunta sa daan padagat, na tila may naalalang naiwan na kailangang balikan; at ang mga bata naman ay mabilis na tatalilis sa takot. Hindi na natuloy ang araw-araw nilang balak na pitasin ang mga bunga ng kasoy, kamatsile, sinigwelas, at bayabas sa loob ng bakurang wala nang bakod maliban sa malabay nang mga kakawate at damong tumubo na sa dating marangyang hardin.

May mga tapyas na ang adobeng pader ng bahay at sabi nila, maraming mga santo na ang nawala nang umalis ang pamilyang nakatira sa bahay dahil sumapi sa mga gerilya ang ama at kapatid na lalaki ni Josefa. Wala nang pumapasok sa bahay maliban sa isang katiwalang kasintanda na rin marahil ng bahay, isang matandang nangangalirang na ang balat na tila daing na kinalimutang pinawin pagkatapos ng maghapong pagkakabilad. Namumuti na sa kaliskis, tila daing na nasobrahan ng asin.

Wala nang bumalik sa bahay simula noong kasagsagan ng digmaan laban sa mga Hapon dahil kalat na sa buong bayan na ang ama ni Maria Josefa na si Pidong ang berdugo ng mga gerilya. Takot na mapaghinalaang kasabwat ang sinumang mahuhuling pumupunta sa bahay. Si Pidong ang pinakamatinding kalaban ng mga Hapon dahil ayon sa mga kuwento, pagkatapos niyang pahirapan ang mga bihag na Hapon ay pinupugutan niya ng ulo at ibinibitin sa puno ng niyog. Tinawag siyang Pidong Singgarong dahil sa mahabang gulok na ginagamit niya sa pagpugot. Pidong Singgarong kasi nga sa sobrang haba ng kanyang itak, hindi malaman ng mga Hapon kung paanong hindi sila maaabot ni Pidong. Pag may nakakasalubong daw siyang Hapon, tila naglalaro sila ng singgarong at si Pidong ang taya, kailangang magaling

umiwas sa singgarong ang Hapon dahil kung hindi, siguradong hihiwalay ang kanyang ulo sa kanyang katawan.

Noong bata ako, may matandang babaeng maghapong nakapanungaw sa lumang bahay na malapit sa amin. Stainless ang tawag namin sa kanya pero Aling Chayong ang totoo niyang pangalan. 'Yung Stainless, 'yun ang ang minana naming tawag sa kanya. Malakasan daw kasi kung uminom ng gin bilog si Aling Chayong, walang chaser o kahit na anong pulutan, para lang tubig, parang nagkakape lang sa umaga. Stainless ang tawag nila sa gin bilog kaya 'yun na rin ang tawag sa kanya. Hindi kinakalawang kaya ayun, patay na lahat ng mga kainuman niya, samantalang siya, nakapanungaw pa rin sa bintana.

May kasamang isang matanda ring babae si Aling Chayong ngunit kapareho niya, hindi rin nagsasalita. Blangko rin ang mga tingin at hindi nagbabago ang itsura ng mukha. Sabi nila si Esmeralda raw 'yun. Namurit[2] dahil sa pagkain ng patay na pawikan noong digmaan. Tahimik lang siyang labas-pasok sa bahay. Lumalabas na may dalang walis, may dalang sinampay, nagpipinaw ng sinampay, namalengke, namimitas ng dahon ng balinghoy, nagpapasok ng mga siit na panggatong. Walang sinuman ang nangahas na kilalanin ang dalawang babae sa bahay na iyon ngunit kilala na sila ng buong bayan dahil sa mga kuwentong umimbento sa kanilang buhay. O baka dahil sa buhay nilang nakaimbento ng mga kuwentong umiikot sa buong bayan.

Mahigit na siyang isandaang taon ngunit hindi siya namamatay dahil hinihintay ang anak na si Narsing. Pastora ang tunay na pangalan ni Stainless. Kapatid ni Josefa. Naging bayani siya ng mga babaeng taga-Central at Pandurucan noong panahon ng mga Hapon dahil nagboluntaryong maging parausan upang hindi na dumami ang mga babaeng ginagahasa ng mga sundalong Hapon.

Nang mawala si Maria Josefa, nang sumama na sa mga gerilya ang kanilang ama at kapatid, at nang pinatay ng mga Hapon ang kanyang ina, lumaking mag-isa si Pastora, pagala-gala, nagsasalita habang naglalakad. Hindi siya napatay ng mga Hapon na lumusob sa kanilang bahay dahil nagtago siya sa ilalim ng mga sako ng darak. Dalawang araw siyang nandoon, kumain ng darak, tiniis ang uhaw, kagat ng surot, at pangangati ng buong katawan, upang hindi makita ng mga Hapon na dalawang araw na namalagi sa kanilang bahay habang inuubos ang kanilang mga pagkain. Sa ilalim ng mga sako ng darak, nakita niya ang mga Hapon na isinayaw ang hubad na pinsan bago ito ginahasa at binayoneta.

2 nabaliw.

Labag sa kalooban niya ang kanyang desisyon ngunit nang gahasain at patayin ng mga Hapon ang pinsan at kapatid niya, iyon ang naisip niyang gawin. Galit na galit siya ngunit alam niyang sa ngayon, wala pa siyang magagawa. Alam niyang sa labas ng bahay nila, marami nang babae ang ginagahasa, ang iba naman ay ayaw nang lumabas ng bahay sukdulang mamatay na sila sa gutom at maiwang nakatiwangwang ang bukid. Wala na siyang magagawa, hindi maaaring maghapon-magdamag na nakakulong sa bahay ang kababaihan. Iniisip niya na habang nasa labanan ang mga lalaki, kailangang magtrabaho sa bukid ang mga babae, kailangang buhayin ang mga bata, pasusuhin ang mga sanggol, bungkalin ang bukid, ngunit hindi mangyayari iyon habang natatakot sa mga Hapon ang mga babaeng naiwan sa bahay. Dalawampu't limang taon siya noon. Dalawang taon matapos sakupin ng mga Hapon ang Pandurucan at Central.

Dalawa silang nagboluntaryong sumagot sa panawagan ng kapitan ng Central na maging parausan ng mga Hapon. Si Esmeralda ang isa pa, asawa ng basurero. Nang sumama sa mga gerilya ang kanyang asawa at nag-iisang anak na lalaki, sinamahan niya si Pastora. Tutal naman daw, mag-isa na lang siya at naisip niya na kesa magtago sa loob ng bahay, damayan ang kanyang kapwa sa mga paghihirap na dala ng mga Hapon.

Gustong-gusto sila ng mga Hapon. Wala raw kasi silang reklamo. Ginagawa ang lahat ng mga ipinapagawa sa kanila kahit nasusuka na sila. Naroong tumuwad, tumihaya, tumagilid, mamaluktot, kahit ano, makaraos lang nang husto ang mga Hapon. Lagi nilang hinihintay ang pagtatapos ng panahon ng taglibog sa mga Hapon ngunit tila hindi iyon mangyayari. Ang kasagsagan ng digmaan ay kasagsagan din ng panahon ng taglibog at silang dalawa, laging dinidigma ng malilibog. Ngunit nang magustuhan ng Heneral si Pastora, wala nang ibang nakalapit sa kanya. Ibinahay na siya. Natuwa naman siya dahil kahit paano, isang pakikipagdigmaan na lang susuungin niya sa buong panahong ito. Isinama ni Pastora sa bahay si Esmeralda ngunit hindi katulad niya, nanatili sa gitna ng digmaan si Esmeralda.

Hindi na nagdalawang-isip si Pastora nang kinuha siya ng Heneral. Naisip niya na magandang pagkakataon iyon. Alam niyang gustong-gusto siya ng Hapon. Hindi lang dahil mahusay na siya sa kama na natutuhan niya sa Heneral at sa mga Hapon, kundi dahil malambot at madulas ang kanyang bulbol na gustong-gusto ng Heneral. Sa unang araw na nagboluntaryo siyang maging parausan, gugo na ang ginamit niyang panghugas sa kanyang ari. Naisip kasi niya na baka lumambot din ang bulbol niya tulad ng pagkalambot ng kanyang buhok dahil sa gugo at langis ng niyog. Minsang nagkakuwentuhan sila ni Esmeralda pagkatapos ng isang matinding digmaan, sinabi niya ang sekreto niyang ito kaya naman humaba ang pila ni Esmeralda. Nakaipon si Esmeralda ng maraming pera. Natuwa sa kanila ang mga Hapon kaya regular silang

binibigyan ng bayong-bayong na perang pambili ng gugo at kalamansi. Tuwang-tuwa sila dahil nadiskubre nila na mahilig pala sa malambot na bulbol ang mga Hapon. Ibinulong din nila ang sekretong ito sa isa pang babaeng nagboluntaryo nang muli na namang dumami ang mga babaeng ginagahasa dahil ibinahay na nga si Pastora at nabawasan ang parausan.

Pero hindi lang iyon ang husay ni Pastora. Magaling din siyang magluto. Kakaiba sa mga karaniwang niluluto ng mga Hapon noong wala pa sila. Sinaing na malabsa at ginagawang parang bola-bola at ang ulam ay palaging isdang niluto sa toyo at nilagyan ng santambak na kangkong. Araw-araw noon, sako-sakong kangkong na nanggagaling sa tumana ang inihahatid ng mga magsasaka sa Central para may kainin ang mga sundalong Hapon. Sinubukan nilang gumawa ng sashimi pero hindi masarap na sashimi ang hito, puyo, at gurami na nahuhuli nila sa mga patubig na nakapaligid sa Central. Hindi rin nila magamit para sa sashimi ang bigas na itinanim sa bundok dahil kulay itim ito at buhaghag kapag luto na. Hindi malagkit na katulad ng kanilang bigas. Ang mga bigas namang malagkit na ay sobrang lagkit na nagmumukhang suman ang kinakain nila.

Isang beses sa isang buwan, nagluluto si Pastora para sa maraming mga opisyal ng Hapon na nakatira sa Central. Nilalagyan niya ng maraming gata ng niyog ang kabasag, isang uri ng bigas na tanim ng mga Mangyan. Nilalagyan din niya ito ng karne ng kambing na isang linggo niyang ibinabad sa suka at tubig-dagat upang maalis ang anggo, saka niya maghapong pinakuluan sa mahinang-mahinang baga ng uling. At kung minsan, kapag nakakakita siya ng magandang kamote, nilalagyan din niya. Iginigisa niya sa maraming bawang at sibuyas Tagalog ang bigas saka ibubuhos ang maliliit na karneng pinalambot sa kamatis at dahon ng alibangbang. Kung minsan, nagsasangag siya ng nami. Bihira lang nila itong gawin dahil napakahirap iluto ng nami. Marami pang mga preparasyon bago ito mailuto at makain. Ang nami ay isang uri ng halamang ugat na mahirap hukayin dahil masyado itong matinik. Madalas na kasinlaki ito ng isang bandehado o plato. Binabalatan nila ito at kinakayod ng manipis na manipis saka huhugasan at pinipigang mabuti nang paulit-ulit upang maalis ang lason. Pero para hindi na mahirapan si Pastora sa paghugas at pagpiga, ibinababad niya ito sa ilog na umaagos. Inilalagay sa balulang na masinsin ang pagkakalala saka ibinababad ng limang araw sa ilog, sa parteng mabilis ang agos. Nakatali sa isang malaking bato ang balulang upang hindi matangay ng agos o kaya ay nakatali sa isang kawayang malalim na nakabaon sa gilid ng ilog. Saka niya ibibilad hanggang tuyong-tuyo na. Saka pa lang ito puwedeng kainin pagkabusa.

Maraming pagkain sa Central dahil sapilitang nagpapadala sa mga taga-Pandurucan at San Jose ang mga Hapon. Kung minsan, pati na rin ang mga nasa

kalapit na bayan ay naghahatid ng pagkain lalo na kung nararamdaman nila na magsosona na naman. Sagana sa pagkain at gabi-gabing kasayahan. Pero paglabas mo sa tarangkahan ng Central, damang-dama mo ang kahirapang dala ng digmaan. Halos walang tao sa labas; sa bukid, matatanda ang nagtatrabaho sa takot ng mga babaeng lumabas. Ngunit ano na lang ba ang maitatanim sa bukid kung hindi naman puwedeng maglagi doon ang mga magsasaka dahil sa maya't mayang bombahan. Kamote na lang halos ang kinakain nila at tagong-tago pa kung iluto sa takot na makita ng mga Hapon ang usok. Paminsan-minsan, nakakapitas sila ng saging sa gubat, ngunit mas madalas, niyog ang kinakain nila o nilagang dahon ng kangkong at balinghoy.

Halos wala ring lalaki dahil halos lahat sila ay sumama sa mga gerilya. Tanging mga bata lamang ang mga lalaki, mga batang nakausli ang tiyan at halatang-halata ang gutom at takot sa kanilang mga mata.

Ang lingguhang pagluluto ng maramihan ay pagkakataon kina Pastora at Esmeralda na mag-ipon ng mga pagkaing ipupuslit sa gubat. Sa mga gerilya, sa pag-asang isa sa mga asawa, kapatid, o kaanak nila ang makakakain ng mga iyon. Pagkatapos kasing lumamon, naglalasing sa tuba ang mga Hapon hanggang sa hindi na sila makagulapay sa kalasingan. Nakatihaya na lang sila sa sahig na tila mga tumihayang patay na pawikan sa laki ng kanilang tiyan at bungangang amoy tuba. Kaya naman lingguhan ding nasusuka sina Esmeralda at Pastora dahil nakikita nila at naaamoy ang mga bungangang ito ng mga patay na pawikan na umuulaol sa kanilang ari, suso at bibig gabi-gabi.

Kinukuha nina Pastora at Esmeralda ang mga tirang pagkain at ilang kabang bigas para ipasa sa mga gerilyang nakaabang na sa bukana at nasa likod ng mga bagon sa Central. Ang ilang mga Pilipinong labandera, plantsadora, basurero at kung sino-sino pang mga trabahador doon ay kasama nila sa paghahakot ng mga pagkain. Walang Hapon na makakakita sa kanila dahil mga opisyal lamang ang nakatira sa Central. At lahat sila ay mga patay na pawikan sa White House. At kinabukasang magigising sila, wala na silang maiisip kundi ang paglalasing na pinapaalala naman ng masakit nilang ulo at mga suka sa sahig na siya namang babaldiyuhin nina Pastora at Esmeralda. Hindi na mapapansin ng mga Hapon ang nawawalang ilang sakong bigas dahil iniisip nila na malakas lang talaga silang lumamon. Saksi dito ang santambak na mga hugasing plato, kaldero at kawa na nakasalansan pa sa poso. Saka sila masayang-masayang mag-aalisan.

Nang dumating ang mga Amerikano at umalis ang mga Hapon, mga Amerikano na ulit ang tumira sa White House. Muli nilang pinatakbo ang azucarera at muling bumalik sa trabaho ang mga nakaligtas sa malaria at digmaan.

Kasabay ng muling pagpasok ng mga Amerikano sa Central ay siya namang

pagkawala nina Esmeralda at Pastora. Sabi nila, isinama raw ng mga Hapon sa pagtakas nila, iniuwi sa Japan dahil gusto nang maging asawa ng mga Hapon. May mga nagsasabi naman na namundok na ang dalawa at sumama sa mga gerilya, sinundo ng kanilang asawa at mga kapatid. Napatay nang minsang magkaengkuwentro ang mga gerilya at Hapon sa Manoot. At may mga nagsasabi na nakikita raw nila tuwing hapon si Pastora na naglalakad sa aplaya. Nagsasalita, paulit-ulit na isinisigaw sa dagat ang pangalang Narciso. Sabi nila, anak daw ni Pastora sa Hapon pero binayoneta ng Hapon. Kumalat din ang balitang napulot ng mga gerilya sa gubat ang anak ni Pastora at iniwan kay Mariang Suso. Itinira siya at pinalaki ni Mariang Suso sa Pag-asa sa tabi ng dagat, kasama ng iba pang mga batang inulila ng digmaan. Lahat sila, pinasuso ni Mariang Suso. Sabi nila, may alaga raw engkanto si Mariang Suso dahil sa tagal na niyang nagpapasuso ay hindi siya nawawalan ng gatas at tuloy-tuloy rin ang pagdadahon at pamumunga ng mga punong malunggay na nakabakod sa kanyang bahay. Doon daw nakatira ang engkantong katulong ni Maria sa pag-aalaga ng mga bata. At dahil din daw sa araw-araw na pagpapasuso, binigyan si Mariang Suso ng engkanto ng pinakamalaking suso sa buong bayan upang sumapat sa mga sanggol. Sagana sa gatas na bumabalong lang para sa mga batang anak ng digmaan. Nang matapos ang digmaan, nawala na si Mariang Suso. Walang anumang bakas na iniwan maliban sa bahay niya at sa mga puno ng malunggay. Ang mga bata, nakauwi na sa kanilang mga kamag-anak, maliban kay Narciso na tumangging umalis sa bahay.

Sabi nila, isinama na si Mariang Suso ng engkanto dahil iyon ang kanilang kasunduan, siya naman ang mag-aalaga sa mga batang engkanto kapalit ng pagtulong ng engkanto sa kanya at sa mga batang anak ng digmaan. Sa pagkawala ni Mariang Suso, dahan-dahang nalanta ang mga puno ng malunggay hanggang ang mga ito ay mga poste na lang ng bakod na unti-unti nang tinutubuan ng mga amorseko. Katulad ng malaking bahay sa San Roque, wala ring naglalakas-loob na lumapit sa bahay ni Maria maliban kay Narsing Buang.

≋

Umiikot sa buong bayan ang kuwento ni Narsing, ang anak na hinahanap daw ni Pastora sa aplaya, ang anak na hinihintay ni Stainless kaya hindi siya mamatay-matay. Paikot-ikot ang kuwento, tila anak na naghahanap sa nawawala niyang nanay o nanay na naghahanap sa nawawala niyang anak.

Si Narsing na lang ang natitirang anak ni Aling Chayong. Namatay sila nang magkaroon ng epidemya ng malaria sa buong San Jose noong panahon ng mga Amerikano. Lumikas sa aplaya ang mga nagtatrabaho sa Central na nakatira sa

mga bundok dahil sabi nila, napapagaling ng simoy ng hanging dumadaan sa dagat ang malaria.

Sa paglikas ng mga tao sa mga kalapit na isla, nagsimulang mabuhay ang alamat tungkol sa pagpapangalan sa isla na nang umalis ang mga Amerikano at nailibing ang mga patay, at nahinto na ang pagtatanim ng tubo sa Central, ay nalimutan na rin ng mga tao. Ang tanging alaala na lang ng epidemya ng malaria at paglikas ng mga tao ay ang sementeryo sa tabing-dagat. Tulad ng alaala na lang din na dating azucarera ang Central dahil sa mga kalawanging bagon at mga pader na pinamahayan na ng lumot, kangkong, at matataas na damo.

Nang inilibing sa tabing-dagat ang mga namatay, isinabay na ring buksan ang sementeryong hanggang ngayon ay siya pa ring libingan ng bayan. Tuwing tag-ulan, inaanod ng malalaking alon ang mga nitsong nasa gilid na ng dagat. Tila naghahanap pa rin sila ng kagalingan sa naging sanhi ng kanilang kamatayan. Tulad noong nabubuhay pa sila at lumikas sila sa tabi ng dagat. At sa ganitong mga panahon, makikita mo si Narsing sa loob ng sementeryo, nilalagyan ng kalatsutsi, bogambilya, santan, at bulaklak ng mga damo ang mga nitso. Saka siya tatakbo paikot sa buong sementeryo na tila ipinagdiriwang na nandoon pa rin ang mga nitso.

Sa mga kuwento niya sa plasa, ikinukuwento niya ang mga bulaklak ng kalatsutsi at bogambilya na idinadala niya sa mga patay tuwing may bagyo. May sinasabi siya tungkol sa isang babaeng malaki ang suso na nakatira malapit sa dagat, at may sinasabi siyang isang babaeng may sumpa ang mga titig. Ganito madalas nagsisimula ang mga kuwento niya:

> *Noong unang panahon, walang pangalan ang islang nasa ibayo ng dagat, sa tabi ng Iling. Nagkapangalan ito nang mag-umpisang mamatay sa gutom at sakit ang mga taong nasa katabing isla at mga kalapit na baryo. Kaya naman naghanap sila ng isang lugar na sagana sa pagkain. Hindi nagtagal, nalaman nila sa katabing isla, sagana ang nami, saging, niyog at iba pang mga pagkain dahil sa makapal na gubat. Mabuti ring taniman ng palay at iba pang mga pagkain ang lupa. Maraming mga Bisaya ang nanirahan sa lugar na ito dahil sabi nila nandito ang Bulong, ang gamot. At sa mga pagkakataong may mga taong lumilikas mula sa ibang isla, sinasabi nila na "Makadto kami sa lugar nga bulong sa amin. At simula noon, tinawag na Ambulong ang lugar na iyon."* [3]

3 Hango sa Report on Historical Data (San Jose and Barrios).

Saka niya sisimulang ikuwento si Mariang Suso na nag-alaga sa kanya, si Maria Puting Kilay na naging dahilan ng kanyang pagkamurit.

Ngunit lahat iyon ay pinagtatawanan ng bayan. Para sa buong bayan, si Narsing Buang ang buang ng bayan. Iyon lamang siya at wala nang iba pa.

Pagkaraan ng dalawampung taon, noon lang kami ulit nagkita ni Merlinda. Kaeskuwela ko siya mula elementarya hanggang hay-iskul bukod pa sa kapitbahay namin sila. Sa aming magkakaeskuwela, siya lang ang nakatatlo ng asawa. Namatay sa sakit sa puso 'yung naunang dalawa. Ang biruan nga naming magkakaeskuwela, masarap kasing magmahal si Merlinda kaya namamatay sa sakit sa puso ang mga nagiging asawa. Kumain kami sa kanyang restoran sa bayan, sa Circle Inn. Hay-iskul pa lang kami, negosyante na talaga siya. Naalala ko no'ng hay-iskul, lagi siyang may dalang mga kung ano-anong tinda na binibili namin kapag rises. Ako noon ang madalas na nangungutang sa kanya ng Timbura, ube, at kropek. 'Yun kasi ang pinakamura niyang tinda, tatlo bente singko, kaya siguradong kaya kong bayaran kinabukasan.

At tulad ng dati, makwento pa rin siya. Katulad noong hay-iskul, habang nagbebenta sa mga suking kaeskuwela ng timbura, kropek, kornik, sitsaron, ampaw, tsampoy, sampalok, ube, at kung ano-ano pang sitsirya, sige rin ang kuwento niya ng tungkol sa mga kapitbahay na nag-away kagabi, o naglasing kagabi, o nagma-oy[4] kagabi. Katapat kasi ng bahay nila ang tindahan ni Bisaya na hanggang madaling araw nakabukas dahil takot palayasin ang mga manginginom. Bisaya na ang nakagisnan naming tawag sa kanya kasi nga doon sila nakatira sa lugar na panay mga Bisaya, Kila Monez ang tawag namin sa lugar na iyon kasi bahay ni Monez ang pinakamalaking bahay na nakatayo doon at siyang may-ari ng pinakamalaking parte ng lupa na panay puno ng niyog. Sakop din niya ang isang maliit na ilog na marami namang puno ng aroma at hito. Pero kapag sinabing Bisaya, siya na agad, 'yun, 'yung may maliit na tindahan ng lahat ng puwedeng maitinda, mula pakong-bakya hanggang pakong pang-kongkreto, hanggang sa kung ano-anong kailangan araw-araw, kahit ano, siguradong may tinda si Bisaya.

At tuloy pa rin ang kuwento ni Anselma habang nakapaligid kami sa kanya. Para tuloy siyang si Aling Tsismosa na laging may dalang bagong kinapapanabikang kuwento para sa mga tsismosa ring tulad namin. Naghabulan daw ng taga sina Mang Badong at Aling Isay dahil ibinenta ni Mang Badong ang kanilang kambing para may pang-inom ng tuba, ayaw naman daw ibalik ni Bisaya 'yung pera kasi naisuka na ni

4 Lasing na nagwawala at nanghahamon ng away.

Mang Badong 'yung tuba; na ito raw kapitbahay nila na si Aling Besta na one seat apart ang ngipin ay inatake ng hika dahil naman hindi nakapanood sa first showing ng pelikulang Bona ni Nora Aunor sa Levi Rama, kasi ba naman daw e napaupo sa beto-beto at natalo ang kanyang pampanood ng sine. Buti na lang daw at malapit lang ang bahay nila kina aling Diday, 'yung may asawang doktor na puwedeng utangin o kaya ay puwede ring in kind ang bayad sa panggagamot, basta may bayad. At ang paborito niyang tauhan sa mga kuwento, si Narsing na nagma-oy kagabi dahil daw naalala si Maria Puting Kilay at si Mariang Suso. 'Yun naman daw kasi lagi ang dahilan ng pagmama-oy ni Narsing. Hindi siya nakaganti sa ginawa sa kanya ni Maria Puting Kilay at hindi niya kayang buhayin ang mga puno ng malunggay ni Mariano Suso.

Sige ang salita ni Merlinda habang panay ang subo at paglalagay ng mga putaheng luto niya sa plato ko. Nagmukha tuloy paellang labo-labo ang kinakain ko. Ikinuwento niya na namatay na si Stainless limang taon na ang nakakaraan. Tatlo lang daw ang nakipaglibing, 'yung pari na nagbendisyon sa kanya, 'yung matandang babaeng kasama niya sa bahay, at si Narsing Buang. Pareho kaming natawa kasi ba naman itong si Narsing, lahat naman ng mga libing na dumadaan sa bayan hanggang sa sementeryo e sinasamahan niya. Namumulot ng baryang inihahagis sa libing o kumukuha ng bulaklak sa karo at ibinibigay sa mga nakikipaglibing o sa mga nanonood sa parada ng libing. Tapos 'yung pinaglibingan kay Stainless, 'yung halos nasa labas na ng bakod ng sementeryo, kaya no'ng nakaraang napakalakas na bagyo e tinangay ang nitso niya at isa ang kabaong niya sa mga hinatak ni Narsing mula sa dagat at ibinalik sa hukay na puno pa ng tubig-dagat.

Si Narsing Buang ang paboritong tauhan ng buong San Jose. Siya ang kaisa-isang dakilang Buang ng Bayan. Kilalang-kilala siya mula bata hanggang matanda. Sa palengke, iniiwasan ng mga tindera na manggulo siya kaya naman lagi siyang maraming pagkain. Araw-araw, tuwing umaga, pumupunta siya sa palengke, may dalang isang malaking basket, hindi para mamalengke kundi para kumuha ng pagkain sa mga puwesto. Kapag hinawakan na niya ang isang paninda, hindi na puwedeng bawiin dahil kung gagawin 'yun, babatuhin niya ng putik ang paninda at ang mga namimili o kaya isasabog ang mga paninda.

Minsan nga, sa bayan, pumasok si Narsing sa parlor ni Odessa, pilit siyang pinalabas ng diyosa ng mga baklang parlorista ng San Jose. Ngunit walang nagawa ang malalaki nilang muscle dahil bago lumabas si Narsing, nabasag muna ang dalawang malalaking salamin at kumalat sa sahig ang mga gamit sa parlor. Isang araw na nakasara ang Odessa's House of Beauty, isang araw na nawalan ng silbi ang kanyang pangalan dahil sa mga kalat sa sahig. Pati ang mga nakasalang na kinukulot, minamanicure at pedicure, ginugupitan, kinikilayan, at minimeykapan, ay biglang

lumabas nang wala sa panahon. Kinabukasan na sila nakabalik bitbit ang mga pangkulot at sunong ang mga buhok na esponghado at sunog, kilay na hindi pantay at make-up na hulas. Kinabukasan pa lang nabawi ng Odessa's House of Beauty ang dangal ng kanyang pangalan. At hindi na bumalik doon si Narsing.

Bago magtanghali, galing sa palengke, puno na ang basket ni Narsing at dali-dali na siyang uuwi sa bahay niya na malapit sa dagat papuntang Pag-asa. Sabi nila, may pinagbibigyan daw si Narsing ng mga dala niyang pagkain pero walang nakakasigurado dahil walang naglalakas-loob na sumilip sa bahay niya o tumingin sa kanyang bakuran.

Bahay daw 'yun dati ni Mariang Suso. Dahil si Narsing na lang ang naiwan sa mga inalagaan ni Maria, sa kanya na napunta ang bahay. Maliit lang 'yun. Gapok na ang pawid na ang iba ay pinalitan na ng nilalang dahon ng niyog. Dadalawa na lang ang baytang na dapat sana ay apat. Ngunit nananatiling matatag ang apat na posteng gawa sa buho. May isang maliit na bintana ang bahay, nakatanaw sa dagat at ang pintong gapok na ay nakabukas din sa dagat. Sa bintana, nakasabit ang nag-iisang malagong alas-otsong kulay pula, at ang paligid ng bahay ay nangangamoy pinatutuyong isdang hindi tinanggalan ng bituka at hasang.

Pagkagaling niya sa palengke at sa bahay nila, muli siyang bumabalik sa bayan. Maglalagi sa plasa buong maghapon, uupo sa upuang bato na nasa lilim ng malalabay na akasyang napapalibutan ng mga tubig na puno ng gurami, tilapya, at hito. Kung minsan, umuupo siya sa estatwang tamaraw na nasa fountain sa gitna ng plasa. At kung minsan naman, tumatayo sa entabladong nasa gilid ng plasa. Doon sa entabladong ginagamit sa koronasyon ng mga reyna ng San Jose tuwing Pista ng Sanduguan, doon sa kung saan ginagawa ang balagtasan tuwing Linggo ng gabi, at ang Oras ng Harana na maririnig sa DZYM tuwing Sabado ng gabi. O ginagaya si Rizal sa tabi ng kanyang estatwa sa harap ng munisipyo. Habang patuloy na ikinukuwento ang paulit-ulit na kuwento tungkol kina Maria Puting Kilay at Mariang Suso ang alamat ng Ambulong.

Sa araw, si Narsing Buang ang may-ari ng buong plasa. Dito siya nagsasalitang mag-isa, tumatawa mag-isa, umiiyak mag-isa, at kung minsan, sumisigaw at binabato ang mga puno ng akasya. Araw-araw, tuloy rin ang mga batang nagtatakbuhan palayo habang pinagtatawanan siya.

Narciso Pedro ang totoo kong pangalan. Narsing ang itinawag sa akin ni Mariang Suso. Akala ko nga siya ang nanay ko pero hindi pala. Nanay pala siya ng lahat

ng mga batang namatayan noong gera. Sabi niya, pinulot daw niya ako sa gubat. Hapon daw ang tatay ko. Papatayin sana ako pero binato niya ng hinog na hinog na papaya 'yung tatay ko. Natakot 'yung Hapon kasi akala binato siya ni Pidong. Ayun, nagtatakbo. Hindi ko nakita ang totoo kong nanay pero sabi nila nakatira raw siya sa malaking bahay. Sinabi rin 'yun sa akin ni Mariang Suso pero pag dumadaan naman ako sa bahay na malaki, si Stainless lang naman ang nakikita ko. Isa lang naman ang malaking bahay dito, 'yung lagi kong nadadaanan sa San Roque Dos. Matagal nang walang nakatira doon. Namatay na si Stainless. Nakipaglibing nga ako. Tatlo lang kami. Ako pa nga ang tagapulot ng mga abuloy na binigay sa kanya ng mga taong nasa kalsadang inihatid siya ng tingin. Ako rin ang namigay sa kanila ng mga bulaklak na galing sa karo. Nakakatawa 'yung mga tao, nakatingin sa patay pero nang nilapitan ko para bigyan ng bulaklak, biglang nagtakbuhan.

Pero hindi naman kayo naniniwala sa sinasabi ko. Ikaw, hindi ka naman naniniwala, bakit nakatingin ka? Bakit nakikinig ka? Pero hindi bale, mamaya, ikuwento mo ulit sa kanila ang sinabi ko. Sabagay, bukas ikukuwento ko naman ulit ito. Lagi namang may mga nakikinig.

***

Ito na ang huling biyahe ng barkong aalis at papasok ng San Jose. Simula bukas ng gabi, isasara na ang pantalan dahil mababaw na ang tubig, hindi na puwedeng dumaong ang mga barko dahil sumasayad na sa putik. Papalubog na ang araw. Natatanaw ko ang mga bangka sa kabilang pantalan habang inihahanda ang kanilang mga lambat. Mamayang gabi, sa laot, tila mga alitaptap ang mga bangkang ito sa karimlan ng Dagat Tsina.

Habang papalapit ang barko sa pantalan, tila nakakaramdam ako ng kakaibang kapayapaan. Ang tagal kong hinahanap ang pakiramdam na ito. Pakiramdam na tila napapaligiran ka ng hamog at mga alitaptap habang pinapanood ang unti-unting pagsasara ng mga dahon ng akasya at papalakas ang huni ng mga kamaksi. Pakiramdam na tila sinasayawan ako ng hangin at ang dagat ay isang mabining-mabining maligamgam na yakap na hindi nakakalunod.

Narciso! Narciso! Oo, sa akin man, wala ring naniniwala, at ni walang tumitingin.